ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

# KAMALAYAN SA TRANSGRESIBONG PANITIKAN AT KASANAYAN SA KRITIKAL NA PAG-IISIP NG MGA MAG-AARAL NG SENIOR HIGH SCHOOL

**Reymart H. Mancao**
*The Rizal Memorial Colleges, Inc. Davao City 8000, Philippines*

## ABSTRAK
*Isinakatuparan ang pag-aaral na ito upang matukoy ang makabuluhang ugnayan ng kamalayan sa transgresibong panitikan at kasanayan sa kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral. Naging kalahok ng pag-aaral ang lahat ng mag-aaral ng Senior High School ng Philippine College of Technology, Inc., Lungsod ng Davao para sa Taong Panuruan 2021-2022. Sa pag-aaral, ginamit ang kwantitatibo at di-eksperimental na disenyo ng pananaliksik gamit ang deskriptib-korelesyon na metodo. Natuklasan na may mataas na lawak ng kamalayan ng transgresibong panitikan sa lawak ng kasanayan ng kritikal na pag-iisip ang mga mag-aaral. Bagamat mataas ang kabuoan, may isang indikeytor na may pinakamababa: pagsusuri. Ganoon din ang lawak ng kamalayan sa transgresibong panitikan na nasa mataas. May makabuluhang ugnayan ang kamalayan sa transgresibong panitikan sa lawak ng kasanayan sa kritikal na pag-iisip ang mga mag-aaral. Napatunayan din na ang mga domeyn o indikeytor ng transgresibong panitikan ay may makabuluhang impluwensiya sa lawak ng kasanayan sa kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral.*

**SUSING SALITA:** *Kamalayan, Transgresibong Panitikan, Kritikal na Pag-iisip*

## 1.MGA SULIRANIN AT KALIGIRAN NITO

Ang mabilis na pagbabago ng panahon ay kasabay ng pagbabago ng tao. Sa kasalukuyan, laganap ang paggamit ng iba't ibang teknolohiya, at sa tulong ng internet, nagbago rin ang paraan ng pagbabasa. Madaling ma-access ng mga mambabasa, lalo na ang mga kabataan, ang iba't ibang uri ng babasahin sa pamamagitan ng kompyuter, laptop, tablet, cellphone, blog, wattpad, e-books, at iba pa. Dahil sa kadalian ng pagbabahagi ng impormasyon sa internet, mas marami ang nakararanas ng mga ito, na nagpapakita ng impluwensiya ng kulturang popular.

Ayon kina Moore at Parker (2021), ang kakulangan sa paglinang ng kritikal na pag-iisip sa mga mag-aaral ng senior high school ay isang hadlang sa kanilang paghahanda para sa mas mataas na edukasyon, lalo na sa mga unibersidad sa Kanluran. Mula noong 1990, binigyang-diin ng mga unibersidad sa Amerika ang paglinang ng kritikal na pag-iisip at disposisyon sa mga mag-aaral bilang pangunahing layunin ng mas mataas na edukasyon (Braun, 2004). Naniniwala si Braun na ang kritikal na pag-iisip ay mahalaga sa pag-angkop ng mga mag-aaral sa lipunan, sa pagiging mapanuri sa impormasyon, at sa paggawa ng maingat na desisyon.

Bagamat mayroong Alternative Learning System (ALS) ng Kagawaran ng Edukasyon na naglalayong mapaunlad ang kritikal na pag-iisip at kakayahan sa paglutas ng problema ng mga mag-aaral (Aquino, 2019), nananatiling hamon ang pagpapaunlad ng kritikal na pag-iisip sa mga Pilipino. Binibigyang-diin ni Gapo (2021) na ang kakulangan sa kritikal na pag-iisip ay isang hadlang sa pag-angkop ng mga Pilipino sa hamon ng ika-21 siglo, lalo na sa mga isyung panlipunan, siyentipiko, at praktikal. Mahalaga ang pag-unlad ng mga programa at gawain na magpapabuti sa kakayahan sa kritikal na pag-iisip.

### *1.1. Rebyu ng mga Makabuluhang Literatura*

**Kamalayan sa Transgresibong Panitikan**

Ang pagkakalantad sa literasing pagbasa ay isang magandang pagbuo ng kakayahang makaagapay sa kritikal na kinakailangang kasanayan ng isang mag-aaral at magiging ganap na mamamayan ng dalawampu't isang siglo. Ano man ang kaniyang piliin sa buhay, ang araling transgresibo ay magandang subukan upang maging mulat ang mga mag-aaral sa kulturang possible niyang kaharapin. Magkaroon ng pagkakataong mabawasan ang paghuhusga at magkaroon ng magandang daloy ng pagsasamahan sa bawat isa (Sanchez, 2019).

*Wika.* Ayon kay Christianson (2018), wika ang kasangkapan na makatutulong upang tukuyin ang katauhan ng karakter sa kuwento. Kung sopistikado ang karakter, malamang na gumagamit ito ng mga impormal na salita at diyalogo. Dagdag pa niya, ang mga kabataan sa kasalukuyang henerasyon ay nakasusunod sa mga akdang transgresibo dahil sa mga salitang ginamit sa teksto ay malapit sa kanila.

*Tauhan.* Ayon kay Sanchez (2019), tungkol sa kaniyang aklat na It's a Mens World. Ang kaniyang akda ay maituturing na isang transgresibo, ito ay isang uri na di piksyon sa anyo ng malikhaing pagsulat, kung kaya ang tauhan ng kuwento ay ang may akda mismo. Sa ganitong pagkakataon, nasusundan ng mambabasa ang buhay mismo ng may-akda na siyang pangunahing talapagsalaysay ng kuwento.
*Banghay.* Ang balangkas ng banghay ng transgresibo ay batay sa salungatan ng pangunahing tauhan at lipunan, bagaman ay bago sapagkat ito ay taliwas sa kaalaman o nakasanayang takbo ng mga mag-aaral na ang kuwento ay may simula, gitna, at wakas (Rabty, 2019).

*Tema.* Sa usaping tema inaasahang may pag-unlad ng genre sa gawain ng mga unang manunulat ng ika-20 siglo (Moratilla,

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

2012). Ang transgresibong panitikan ay karaniwang nagrerebelde laban sa mga pangunahing pamantayan ng lipunan, ang mga pangunahing tema ay maaaring ipinagbabawal, mga paksa gaya ng; droga, seksuwal na gawain, karahasan, kabaliwan, immoral na relasyon sa malapit na kamag-anak at iba pang mga krimen (Rabty, 2019).

**Kritikal na Pag-iisip**

Ayon nina Paul at Elder (2002), ang kritikal na pag-iisip ay isang komplikadong proseso ng paglikha ng bagong palagay, kaugnayan ng ideya, maayos na pagsusuri, paglikha ng ideya gamit ang dating kaalaman at bagong impormayon sa masusing pagsusuri ng mga nakalap na impormasyon mula sa pagmamasid sa paligid, sariling karanasan, pagtanto ng iyong mga ginawa, pagdadahilan o pakikipagkomunikasyon.

*Pagpapakahulugan.* Ito ay ang pagsagot sa mga katanungan na; paano kikilalanin ang problema at ilalarawan ang mga ito nang walang pagkiling; sa pagbabasa, makikita ang pakay ng isang tao sa ekspresyon ng kaniyang mukha; pagkilala sa isang pangunahing ideya mula sa mga pantulong na ideya sa isang teksto; pagbuo ng pansamantalang pagkakategorya o paraan ng pag-aayos ng isang bagay; ibig sabihin ng tsart o graph; paano tutukuyin ang layunin o tema (Facione, 2020).

*Pagsusuri.* Mahalaga ang pagsusuri na kasanayan sa mga mag-aaral upang matukoy ang nilalayon, tunay na hinuha, ugnayan sa pagitan ng mga pahayag, tanong, mga konsepto, paglalarawan, o iba pang anyo ng representasyon na naglalayong magpahayag ng paniniwala, paghatol, karanasan, dahilan, impormasyon, o opinyon (Niu, Behar-Horenstein, at Garvan, 2013).

*Paghinuha.* Ayon kay Elleman (2017), sa pagbabasa ng mga mag-aaral, makatutulong sa mga mambaba ang mga konseptong may malawak na talasalitaan na kailangan nilang pagnilayan tungkol sa paggawa ng mga hinuha sa kanilang pagbabasa.

Pinatotohanan ni Facione (2020), bilang kasanayan sa hinuha, naitala ng mga eksperto ang pagtatanong ng ebidensya, paghuhula ng mga alternatibo, at pagbubuo ng mga konklusyon. Maaaring sipatin ang mga implikasyon ng posisyong itinataguyod ng isang tao, o pagbuo ng kahulugan mula sa elemento sa isang pagbasa.


*Pagtataya.* Pinatotohanan ni Facione (2020), ang kasanayang kailangang tasahin ng mga mag-aaral ng senior high school ang pagtataya sa kredibilidad ng mga pahayag o mga representasyon na paglalarawan sa isang tao sa pamamagitan ng pang-unawa sa karanasan, sitwasiyon, paghatol, paniniwala o opinyon.

*Pagpapaliwanag. A*ng mga mag-aaral ay may kakayahang ipakita sa isang matibay at magkakaugnay na paraan ang mga resulta ng pangangatwiran ng lalo na sa pagbabasa ng isang kuwento. Nangangahulugang makapagbibigay ng buong pagtingin sa mambabasa sa malawak na konsepto upang maipahayag ang pangangatwiran na iyon sa tulong ng tuntunin ng ebidensiya, konseptuwal, metodolohikal, kriteriolohikal, at kontekstwal na pagsasaalang-alang (Facione, 2020).

*Pagninilay.* Ang kakayahan sa pagninilay at self-regulation ay mahalaga sa pag-unlad ng kritikal na pag-iisip. Ayon kina Schmitt, McClelland, Tominey, at Acock (2003), ang mataas na antas ng self-regulation ay may positibong kaugnayan sa pakikipag-ugnayan sa kapwa at sa tagumpay sa iba't ibang larangan.

***1.2. Teoretikal/Konseptuwal na Balangkas***

Ang pag-aaral na ito ay gumagamit ng isang pinagsamang teoretikal na balangkas upang suriin ang ugnayan sa pagitan ng kamalayan sa panitikang transgresibo at ang kakayahan sa kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral. Pangunahing nakabatay ito sa Teorya ng Mental Model ni Kenneth Craik (1943), na nagsasaad na ang mga mambabasa ay lumilikha ng isang mental na represetasyon ng mga pangyayari sa teksto, lalo na sa mga kathang-isip na akda. Ang pagbuo ng mental model na ito ay tumutulong sa pag-unawa ng mambabasa sa teksto at sa konteksto nito sa lipunan (Radvansky & Zacks, 1991).




Talangguhitan I. Konseptuwal na Modelo ng Pag-aaral

### *1.3. Paglalahad ng Suliranin*

Isinasakatuparan ng pag-aaaral na ito upang matukoy ang ugnayan ng kamalayan ng mga mag-aaral ng SHS sa transgresibong panitikan at ang kasanayan sa kritikal na pag-iisip. Sa katiyakan, tinangkang sagutin ng pag-aaral na ito ang sumusunod:

1. Ano ang lawak ng kamalayan sa transgresibong panitikan ng mga mag-aaral ng SHS ayon sa sumusunod:
   1.1. wika;
   1.2. tauhan;
   1.3. banghay; at
   1.4. tema?

2. Ano ang lawak ng kasanayan sa kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral ng SHS ayon sa mga sumusunod:
   2.1. pagpapakahulugan;
   2.2. pagsusuri;
   2.3. paghinuha;
   2.4 pagtataya
   2.5 pagpapaliwanag; at
   2.6 pagninilay?

3. Mayroon bang makabuluhang ugnayan ang kamalayan sa transgresibong panitikan ayon sa kasanayan sa kritikal na pag-iisip?
4. Ano-anong mga indikeytor ng kamalayan sa transgresibong panitikan ang may makabuluhang impluwensiya sa kritikal na pag-iisip?

## 2. PAMAMARAAN

### *2.1. Disenyo ng Pananaliksik*

Ginamit sa pag-aaral na ito ang kuwantitatibo at di-eksperimental na disenyo gamit ang deskriptib-korelesyon na metodo ng pananaliksik. Sa disenyong ito na nakabatay sa patakarang pananaliksik ng Higher Education Funding Council for England or HEFCE (2000) na ang pinakatuon nito ay tukuyin ang kinakailangang impormasyon na naglalarawan sa tunay na kalagayan, larawan at estado ng isang naobserbahang phenomenon batay sa baryabol na pinag-aaralan. Nasasaklaw sa pamaraang ito ang pagsasagawa ng surbey na siyang pangunahing gawain sa pagsakatuparan ng pananaliksik.

### *2.2. Ang mga Kalahok*

Ang mga kalahok sa pag-aaral na ito ay mga mag-aaral ng Senior High School sa pribadong paaralang panteknolohiya, Lungsod ng Davao para sa taong panuruan 2021-2022. Ang institusyong ito ay naghahandog ng mga programang pang-edukasyon para sa sekondarya, Senior High School, hanggang sa tersyarya. May isang daan at limampu't dalawang (152) mag-aaral ng Senior High School ang awtomatikong kalahok ng pag-aaral. Anim na pangkat ang saklaw ng pag-aaral, tatlong pangkat ng baitang 11 at tatlong pangkat ng baitang 12.

### *2.3. Mga Hakbang sa Paglilikom ng mga Datos*

*Paghingi ng Pahintulot.* Ang mananaliksik ay humingi ng pahintulot sa Dekano ng Paaralang Gradwado ng Rizal Memorial Colleges, Lungsod ng Davao, at sa Tagapangulo ng pribadong paaralang panteknolohiya, upang maisagawa ang pag-aaral. Matapos matanggap ang pagpapatibay ng Tagapamanihala, nakipag-ugnayan siya sa punong-guro ng pribadong paaralang panteknolohiya, Lungsod ng Davao kung saan ginawa ang pag-aaral.

*Pagsasagawa ng Surbey.* Sa pamamagitan ng synchronous na skedyul ng mga mag-aaral, pagkatapos ng kanilang klase sa asignaturang Filipino ay naipamahagi ng mananaliksik ang kawing para masagutan ng mga kalahok. Sa paglikom ng mga datos, tiniyak ng mananaliksik na ang mga panuntunang ipinatutupad ng IATF sa panahon ng pandemya ay tinalima at pinag-ukulan ng tamang pagpapahalaga upang mapangalagaan ang kalusugan at kaligtasan ng mananaliksik at mga kalahok.

*Paghahanay at Pagsusuri ng mga Datos.* Matapos makuha ang mga kinakailangang datos, inihanay at sinuri ng mananaliksik ang nalikom na tugon ng mga mag-aaral ukol kamalayan sa transgresibong panitikan at kamalayan sa kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral at sinuri gamit ang angkop na formula ng estadistika.

### *2.4. Pagsusuri ng Datos*

Ang mga estadistikang ginamit upang suriin ang mga nalikom na mga datos kaugnay sa mga pinag-aaralang mga baryabol:

*Mean*. Sa istatistika, ito ay isang sukatan ng gitnang pagkahilig ng isang pamamahagi. Sa pag-aaral na ito, ito ay ginamit upang matukoy ang lawak ng kamalayan ng mga mag-aaral sa transgresibong panitikan at ang lawak ng kasanayan ng mga mag-aaral sa kanilang kritikal pag-iisip.

*Pearson product moment Correlation Coeffecient o ang Pearson r.* Ang kagamitang pang-istatistikang ito ay ginamit upang matukoy ang makabuluhang ugnayan ng kamalayan ng mga mag-aaral sa transgresibong panitikan at kasanayan ng mga mag-aaral sa kanilang kritikal pag-iisip.

*Multiple Regression Analysis.* Ito ay ginamit upang matukoy kung anong domeyn ng transgresibong panitikan ang may makabuluhang impluwensiya sa lawak ng kritikal na pag-iisip.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

## 3. PAGTALAKAY SA MGA KINALABASAN

**Talahanayan 2. Lawak ng Kamalayan sa Transgresibong Panitikan Ayon sa Wika**

| Blg. | Mga Aytem | Mean | Palarawang Katumbas |
|---|---|---|---|
| 1. | Inuunawa ko ang teksto dahil payak ang mga salita at madali lang basahin. | 4.27 | Lalong Mataas |
| 2. | Sinusuri ko ang mga impormal na salita tulad ng: gay lingo, balbal at kolokyal na ginamit sa teksto. | 4.00 | Mataas |
| 3. | Sinusuri ko ang diyalogong pinagsamang Tagalog at Ingles o diyalogong konyo sa teksto. | 4.17 | Mataas |
| 4. | Sinusuri ko ang mga kakaiba at bagong likhang salita sa teksto. | 3.95 | Mataas |
| 5. | Tinitingnan ko bilang ekspresiyon ng mga tauhan, ang mura at bulgar sa teksto. | 4.12 | Mataas |
| | Pangkalahatang Mean | 4.10 | Mataas |

Ang limang aytem sa indikeytor sa pagtukoy sa wika ay lumikom ng pangkalahatang mean na (4.10) o mataas. Ito ay nangangahulugang ang lawak ng kamalayan sa transgresibong panitikan ayon sa wika ay nakikita o ginagawa sa halos lahat ng pagkakataon ng mga mag-aaral.

**Talahanayan 3. Lawak ng Kamalayan sa Transgresibong Panitikan Ayon sa Tauhan**

| Blg. | Mga Aytem | Mean | Palarawang Katumbas |
|---|---|---|---|
| 1. | Kinikilala ko ang kabutihan at kasamaan ng tauhan sa teksto. | 4.43 | Lalong Mataas |
| 2. | Sinusuri ko ang pagbabago sa katauhan ng karakter sa teksto ayon sa pamantayan ng wastong pag-uugali. | 4.43 | Lalong Mataas |
| 3. | Sinusubaybayan ko ang tauhan ng teksto bilang modelo ng asal sa kultura at tradisyon. | 4.25 | Lalong Mataas |
| 4. | Kinikilala ko ang awtor ng teksto bilang tauhan sa mala-diary na estilo ng pagsasalaysay. | 4.04 | Mataas |
| 5. | Sinusuri ko ang katauhan sa teksto na gustong kumawala sa higpit na pamantayan ng lipunan. | 4.00 | Mataas |
| | Pangkalahatang Mean | 4.23 | Lalong Mataas |

Pinatitibay rin ang natuklasang pahayag ni Scavett (2016), ang mga tauhan ay nagbabago ng pag-uugali, minsan ang matibay na pagwasak sa mapanghusgang lipunan, ang paglabag sa kaugalian at patakaran ng lipunan.

Makatotohanan din ang pahayag ni Hont (2016), sa kaniyang artikulo, ang mga tauhan ay umaakma tungkol sa kung ano ang ibig sabihin ng pagiging isang tao sa isang lipunan. Iginiit pa niya na maaaring gamitin ng transgresibo ang taktikang ito ng pagpapakita ng mga karakter na malinlang ang kultura upang pukawin ang pagkasuklam, o maaari itong magpakita ng mga karakter na mapanuri sa kultura at pagtatangkang baguhin ang mga pamantayang pangkultura. Ang parehong mga pamamaraan na ito ay umaangkop sa genre. Ang transgresibong panitikan ay ipinanganak dahil sa pagkadismaya sa pagsunod sa mga kaugalian ng lipunan.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

**Talahanayan 4. Lawak ng Kamalayan sa Transgresibong Panitikan Ayon sa Banghay**

| Blg. | Mga Aytem | Mean | Palarawang Katumbas |
|---|---|---|---|
| 1. | Sinusuri ko ang takbo ng teksto ayon sa kilos at galaw ng pangunahing karakter. | 4.32 | Lalong Mataas |
| 2. | Iniuugnay ko ang tagpi-tagping pangyayari ng teksto at ang bawat seksyon na may sariling kuwento o salaysay. | 4.21 | Lalong Mataas |
| 3. | Hinuhulaan ko ang mga mangyayari at maaaring wakas ng teksto. | 3.95 | Mataas |
| 4. | Tinutukoy ko ang sanhi at bunga ng teksto. | 4.30 | Lalong Mataas |
| 5. | Iniuugnay ko ang mga pangyayari sa teksto sa tunay na pangyayari sa kasalukuyan. | 4.18 | Mataas |
| | Pangkalahatang Mean | 4.19 | Mataas |

Ang limang aytem sa indikeytor sa pagtukoy sa banghay ay lumikom ng pangkalahatang mean na (4.19) o mataas. Ito ay nangangahulugang ang lawak ng kamalayan sa transgresibong panitikan ayon sa banghay ay nakikita o ginagawa sa halos lahat ng pagkakataon ng mga mag-aaral. Sa masinsinang pagtanaw sa mga resulta, ang pagsusuri sa takbo ng teksto ayon sa kilos at galaw ng pangunahing karakter ay nakikita at ginagawa sa halos lahat ng pagkakataon ng mga mag-aaral.

**Talahanayan 5. Lawak ng Kamalayan sa Transgresibong Panitikan Ayon sa Tema**

| Blg. | Mga Aytem | Mean | Palarawang Katumbas |
|---|---|---|---|
| 1. | Nakaiimpluwensiya sa pagbabago sa katangian ng mga karakter sa teksto. | 4.20 | Lalong Mataas |
| 2. | Sinusuri ko ang paksang kontrobersyal na repleksiyon lamang sa buhay ng tao upang maipakita ang mas malalim na halaga ng teksto. | 4.12 | Mataas |
| 3. | Tinutukoy ko ang taboo o mga paksang iniiwasang pag-usapan o talakayin sa mga teksto. | 3.96 | Mataas |
| 4. | Inuunawa ko ang mga uso o patok na mga usapin na mababasa sa teksto. | 4.09 | Mataas |
| 5. | Sinusuri ko ang mga paksa ng teksto and an sa akin. | 4.18 | Mataas |
| | Pangkalahatang Mean | 4.11 | Mataas |

Pinatatag ang pahayag ni Rabty (2019), karaniwang pagrerebelde laban sa mga pangunahing pamantayan ng lipunan ang kadalasang tema ng transgresibong akda, kadalasan ay maaaring ipinagbabawal, mga paksa gaya ng; droga, seksuwal na gawain, karahasan, kabaliwan, immoral na relasyon sa malapit na kamag-anak at iba pang mga krimen.

**Talahanayan 7. Lawak ng Kasanayan sa Kritikal na Pag-iisip Ayon sa Pagpapakahulugan**

| Blg. | Mga Aytem | Mean | Palarawang Katumbas |
|---|---|---|---|
| 1. | Inaalam ko ang mga pangyayari at daloy ng teksto. | 4.28 | Lalong Mataas |
| 2. | Inuunawa ko ang mga kaisipang gustong ipaabot ng teksto. | 4.24 | Lalong Mataas |
| 3. | Iniintindi ko ang mga sinasabi ng bawat karakter sa teksto. | 4.30 | Lalong Mataas |
| 4. | Inaalam ko ang katauhan ng bawat karakter sa teksto. | 4.29 | Lalong Mataas |
| 5. | Inuunawa ko ang mga karanasan at damdamin na gustong ipadama ng teksto. | 2.79 | Katamtaman |
| | Pangkalahatang Mean | 3.98 | Mataas |

Pinatotohanan ang pahayag ni Singh (2022), na ang mga kabataan sa ika-21 siglo ay may mataas na kakayahan sa pagbibigay ng wasto at tumpak na kahulugan sa mga suliranin na nababasa sa teksto pati na rin ang layunin at ang pansariling hinuha mula sa karaniwang mga mapagkukunan ng impormasyon, at ang kaugnayan sa pangangalaga sa sarili. Ibig sabihin may kamalayan sa pagbibigay ng interpretasyon ang mga mag-aaral sa mga mga obserbasyon sa paligid.

Pinatatag ang pag-aaral ni Singh (2022), sa kasanayang pagpapaliwanag nakatutulong sa mga mag-aaral ang emosyonal quotient upang lubos na maunawaan ang bahagi ng tekstong binabasa, kailangang tiyakin ng mag-aaral ang mahusay na empatiya upang mas makakonekta sa ipinapahiwatig ng akda. Ang pinakamahusay na emosyonal na estado ay makatutulong sa mas mahusay na interpretasyon. Ganoon din ang pag-unawa na nahahati bilang sensory function sa utak ng tao kung saan ang impormasyong natatanggap ay organisado at binibigyang-kahulugan. Sa katiyakang katangian nito, mahalaga ang ginagampanang papel ng pansuportang kapaligiran.

**Talahanayan 8. Lawak ng Kasanayan sa Kritikal na Pag-iisip Ayon sa Pagsusuri**

| Blg. | Mga Aytem | Mean | Palarawang Katumbas |
|---|---|---|---|
| 1. | Sinusuri ko ang mga kaisipang ipinakita sa teksto. | 3.79 | Mataas |
| 2. | Bumubuo ako ng sariling hinuha batay sa aking pagsusuri sa teksto. | 3.46 | Mataas |
| 3. | Nililinaw ko ang mga hindi ko maintindihang pangyayari sa teksto. | 4.16 | Mataas |
| 4. | Bumubuo ako ng sariling argumento sa mga positibo at negatibong kaisipan batay sa teksto. | 3.16 | Katamtaman |
| 5. | Sinusuri ko ang konklusyon ng teksto bago ko ito tanggapin. | 3.15 | Katamtaman |
| | Pangkalahatang Mean | 3.54 | Mataas |

Ang pigurang estadistikal sa talahanayan 8 ay nagsasabing ang mga probisyon ukol sa lawak ng kasanayan sa kritikal na pag-iisip ayon sa pagsusuri ay nakikita o ginagawa nang madalas ng mga mag-aaral. Ibig sabihin, may ganap nang kasanayan ang mga mag-aaral sa paglilinaw at pagsusuri sa binasang teksto.

**Talahanayan 9. Lawak ng Kasanayan sa Kritikal na Pag-iisip Ayon sa Paghihinuha**

| Blg. | Mga Aytem | Mean | Palarawang Katumbas |
|---|---|---|---|
| 1. | Hinahatulan ko ang ideyang ibig ipabatid ng teksto. | 3.27 | Katamtaman |
| 2. | Nakikita ko ang mga posibleng mangyayari kung tatanggapin o tatanggihan ang isang palagay ng teksto. | 4.10 | Mataas |
| 3. | Ipinalalagay ko ang iba pang impormasyon na makatutulong sa pagsagot sa mga suliranin ng teksto. | 4.00 | Mataas |
| 4. | Nahihinuha ko ang mapagpipiliang pasya at ang posibleng kalalabasan ng teksto. | 4.18 | Mataas |
| 5. | Ipinalalagay kong dapat asahan ang mga pangyayaring hindi kanais-nais sa teksto. | 4.15 | Mataas |
| | Pangkalahatang Mean | 3.94 | Mataas |

Ang pangkalahatang mean na natamo para sa indikeytor na paghihinuha ay nasa antas mataas. Ito ay nangangahulugang naisasagawa ng mga mag-aaral ang mga kasanayan sa kritikal na pag-iisip nang madalas. Ibig sabihin, may ganap nang kasanayan ang mga mag-aaral sa pagpapalagay sa binasang teksto. Pinatotohanan sa pahayag ni Facione (2020), ang paggawa ng mga hinuha ay isang paraan na nagsasangkot ng paggamit ng ebidensya at pangangatwiran upang makarating sa isang konklusyon.

Sumasang-ayon ang pahayag ni Elleman (2017), nakatutulong sa mga mag-aaral ang pagbabasa ng mga transgresibong akda dahil nakikilala nila ang mga konsepto, paglawak ng talasalitaan na kinakailangan upang pagnilayan sa paggawa ng mga hinuha sa kanilang pagbabasa. Sa tahasang pagkatoto ang mga mag-aaral ay tinatasa ang kanilang pagbabasa, nasusuri ang talas ng kanilang pag-iisip upang matiyak na ang mga ito ay makatuwiran, naaangkop ang kanilang kasanayan sa paghihinuha habang sumasagap ng bagong impormasyon.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

**Talahanayan 10. Lawak ng Kasanayan sa Kritikal na Pag-iisip Ayon sa Pagtataya**

| Blg. | Mga Aytem | Mean | Palarawang Katumbas |
|---|---|---|---|
| 1. | Tinitiyak kong totoo at wasto ang pahayag ng mga karakter sa teksto. | 4.31 | Lalong Mataas |
| 2. | Tinitiyak kong kapani-paniwala at mapagkakatiwalaan ang katauhan ng mga karakter sa teksto. | 4.13 | Mataas |
| 3. | Tinitimbang ko ang bigat ng bawat argumentong inilahad sa teksto. | 4.06 | Mataas |
| 4. | Sinisiguro kong angkop at tama ang mga impormasyong inilatag sa teksto. | 4.21 | Lalong Mataas |
| 5. | Tinataya ko ang konklusyon batay sa natuklasang impormasyon sa teksto. | 4.14 | Mataas |
| | Pangkalahatang Mean | 4.17 | Mataas |

Pinatotohanan ang pahayag ni Facione (2020), ang kasanayang kailangang tasahin ng mga mag-aaral ng senior high school ay ang pagtataya sa kredibilidad ng mga pahayag o mga representasyon na paglalarawan sa isang tao sa pamamagitan ng pang-unawa sa karanasan, sitwasiyon, paghatol, paniniwala o opinyon. Upang ganap na masuri ang lohikal, nilalayong hinuha, ugnayan sa pagitan ng mga pahayag, paglalarawan, tanong o iba pang anyo ng representasyon.

**Talahanayan 11. Lawak ng Kasanayan sa Kritikal na Pag-iisip Ayon sa Pagpapaliwanag**

| Blg. | Mga Aytem | Mean | Palarawang Katumbas |
|---|---|---|---|
| 1. | Ipinaliliwanag ko ang resulta ng pagsisiyasat sa teksto. | 4.10 | Mataas |
| 2. | Iniisa-isa ko ang bawat hakbang sa pagsusuri ng teksto. | 4.00 | Mataas |
| 3. | Binibigyan ko ng katuwiran ang nabuo kong interpretasyon batay sa teksto. | 3.85 | Mataas |
| 4. | Ibinabahagi ko ang aking palagay o mungkahi sa pagtuklas ng solusyon sa problema ng teksto. | 4.00 | Mataas |
| 5. | Ipinaliliwanag ko ang dahilan sa pagpili ng pasya batay sa teksto. | 4.00 | Mataas |
| | Pangkalahatang Mean | 3.99 | Mataas |

Ang sumusunod ay ang mga aytem ipinaliliwanag ang resulta ng pagsisiyasat sa teksto ay nagkamit ng mean na (4.10) o mataas: iniisa-isa ko ang bawat hakbang sa pagsusuri ng teksto ay nagtala ng mean na (4.00) o mataas; binibigyan ko ng katuwiran ang nabuo kong interpretasyon batay sa teksto ay nagkaloob ng mean na (3.85) o mataas; iIbinabahagi ko ang aking palagay o mungkahi sa pagtuklas ng solusyon sa problema ng teksto ay may mean na (4.00) o mataas; ipinaliliwanag ko ang dahilan sa pagpili ng pasya batay sa teksto ay umani ng mean na (4.00) o mataas. Ang indikeytor na ito ay nagtamo ng pangkalahatang mean na (3.99) o mataas. Ang kasanayang pagpapaliwanag ng mga kabataan ay naglalarawan ng mga pamamaraan at resulta, nagbibigay-katuwiran sa mga pamamaraan, nagmumungkahi at nagtatanggol nang may mabubuting dahilan ng sanhi at konseptong pagpapaliwanag ng mga pangyayari o pananaw, at paglalahad ng buo at mahusay na pangangatwiran, mga argumento sa konteksto ng paghahanap ng pinakamahusay na pagkaunawa (Davies, 2013).

**Talahanayan 12. Lawak ng Kasanayan sa Kritikal na Pag-iisip Ayon sa Pagninilay**

| Blg. | Mga Aytem | Mean | Palarawang Katumbas |
|---|---|---|---|
| 1. | Nililinaw at tinitiyak na naunawaan ko nang lubos ang teksto. | 4.10 | Mataas |
| 2. | Pinagninilayan ko ang pamamaraang ginamit at ang mga hakbang sa pagsusuri ng teksto. | 4.00 | Mataas |
| 3. | Ipinalalagay ko ang posibilidad na pag-isahin ang may magkasalungat na paninindigan sa teksto. | 3.85 | Mataas |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

| | | | |
|---|---|---|---|
| 4. | Tinitimbang ko ang kaangkupan at katibayan ng mga nakalap kong ebidensya sa teksto. | 2.50 | Mababa |
| 5. | Tinatanong ko ang sarili kung may nakaligtaan sa teksto bago tumungo sa pinal na pasya. | 4.00 | Mataas |
| | Pangkalahatang Mean | 3.69 | Mataas |

Panatunayan sa natuklasang pag-aaral ni Suknaissth (2014), nagpapakita na ang mga kabataan na regular na nakikibahagi sa self-regulatory o pagninilay na pag-uugali ay nagpapakita ng higit na kagalingan kaysa sa kanilang kamag-aral, kabilang ang pinahusay na kasiyahan sa buhay, nakikitang suporta sa lipunan, at positibong epekto ibig sabihin ay magandang damdamin.

**Talahanayan 14. Datos ng Makabuluhang Ugnayan ng Kamalayan sa Transgresibong Panitikan at Kasanayan sa Kritikal na Pag-iisip**

| Mga Baryabol | r-value | Antas ng Korelasyon | p-value | Pasya sa Ho |
|---|---|---|---|---|
| (X) Kamalayan sa Transgresibong Panitikan<br><br>(Y) Kritikal na Pag-iisip | 0.845MK | Mataas na Korelasyon | .01 | Tinanggihan |

MK – Makabuluhan sa 0.05 Antas ng Kahalagahan

Ito ay sinang-ayonan sa pag-aaral ni Scavette (2016), na ang transgresibong panitikan ay lubos na nakapagpapataas ng kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral dahil sa pamamagitan ay nahahasa ang kanilang ap ag-unawa, pagsusuri, at pag-reconceptualize sa mga tungkulin ng ilang mga kaugalian, tradisyon, gawi, o pagpapalagay na maaaring napagsawalang bahala at naisantabi dahil sa iba't ibang aspekto ng bawat karanasan.

## 4. KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

### *4.1. Konklusyon*

Mataas ang lawak ng kamalayan sa transgresibong panitikan ng mga mag-aaral batay sa resultang natamo sa mga indikeytor na wika, banghay, at tema. Habang nakahuha ng lalong mataas ang indikeytor na tauhan. Mataas din ang lawak ng kasanayan sa kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral batay sa natamong resulta gamit ang anim na indikeytor na: pagpapakahulugan, pagsusuri, paghihinuha, pagtatay, pagpapaliwanag, at pagninilay. Napagtanto rin na may makabuluhang ugnayan ang transgresibong panitikan sa kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral dahil dito ang hipotesis na nagsasabi na walang makabuluhang ugnayan ang transgresibong panitikan sa kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral ay tinanggihan. Upang mabuo ang mga konklusyon, sinasabing ang transgresibong panitikan ay napatunayang may makabuluhang impluwensya sa paghubog ng kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral. Gayunpaman, ang tauhan na indikeytor ang may pinakamakabuluhang salik sa kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral.

### *4.2. Rekomendasyon*

Ang pananaliksik na ito ay nagbigay ng malawak na pagsusuri sa lawak ng kamalayan sa transgresibong panitikan at lawak ng kasanayan sa kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral ng senior high school. Ang mga sumusunod na rekomendasyon ay inaalok:

Una, inirekomenda rin na ang resultang nakuha mula sa pananaliksik na maging batayan sa pagbabalak at pagdidisenyo ng mga aralin para sa kanilang mga mag-aaral. Sikaping gumawa ng mga gawaing o pagsasanay na nakatuon sa kasanayan sa pagsusuri o analysis sa upang mapataas ang kanilang kasanayan sa kritikal na pag-iisip, mahasa ang sarili sa kritisimo at lubos na maunawaan ng mag-aaral ang teksto.

Pangalawa, Isama sa kurikulum ang mga tekstong transgresibo na angkop sa interes at antas ng mga mag-aaral upang mapaunlad ang kanilang kamalayan at kakayahan sa kritikal na pag-iisip.maitaas ang kaalaman ng mga mag-aaral sa wikang Filipino.

Pangatlo at panghuli, magkaroon ng ibang pag-aaral hinggil sa transgresibong mga akda at kritikal na pag-iisip. Magsagawa ng karagdagang pananaliksik gamit ang mas malawak na saklaw ng mga kalahok at iba pang metodolohiya upang higit na mapalalim ang pag-unawa sa ugnayan sa pagitan ng kamalayan sa panitikang transgresibo at kakayahan sa kritikal na pag-iisip.

## MGA SANGGUNIAN

1. *Aquino, R. (2019). Kritikal na Pagsusuri Tungo sa Pagbasa at Pagsulat ng Senior High School sa Naic National High School. Ascendens Asia Journal of Multidisciplinary Research Abstracts, Vol. 3(2).*
2. *Atalia, E. (2020). Pagtuturo at Pag-aaral ng mga Akdang Transgresibo. In Senara Learning Consultancy.*
3. *Braun, N. M. (2004, January 1). Critical Thinking in the*

*Business Curriculum. Journal of Education for Business, 79(4), 232–236. https://doi.org/10.1080/08832323.2020.12088718*

4. *Burlingame, C. (2022, May). Teaching Palahniuk: The Treasures of Transgression in the Age of Trump and Beyond. In Series in Literary Studies (1st ed.). Vernon Press.*
5. *Christianson, J. (2018). Life Sucks: Classifying Transgressive Fiction. Electronic Theses and Dissertations, 2650.*
6. *Davies, M. (2013, August). Critical thinking and the disciplines reconsidered. Higher Education Research &Amp; Development, 32(4), 529–544. https://doi.org/10.1080/07294360.2012.697878*
7. *Elleman, A. M. (2017). Examining the impact of inference instruction on the literal and inferential comprehension of skilled and less skilled readers: A meta-analytic review. Educational Psychology, Vol. 6, 761–781.*
8. *Facione, P. (2020). Critical Thinking: What It Is and Why It Counts. Insight Assessment.*
9. *Fitria, T. N. (2015). Improving Students' Reading Comprehension Through Cooperative Integrated Reading Composition (Circ). SSRN Electronic Journal. https://doi.org/10.2139/ssrn.3514304*
10. *Gapo, P. A. (2021). Misedukadong Filipino sa Panahon ng Bagong Populismo: Pagdalumat sa Pang-edukasyong Pananaw ni Renato Constantino Bilang Paglulunas sa Kontemporaryong Kamalayan at Pagtutulay ng Edukasyon at Demokrasya [MA Thesis]. University of Santo Tomas Graduate School.*
11. *Higher Education Funding Council for England. (2018, March 29). GOV.UK. Retrieved April 10, 2022, from https://www.gov.uk/government/organisations/higher-education-funding-council-for-england*
12. *Hont, C. (2019). Extreme States the Evolution of American Transgressive Fiction 1960–2000.*
13. *Kenneth Craik. (1943). Communication Theory: The Mental Models Global Laboratory. Retrieved April 20, 2022,*
14. *Moratilla, N. (2012). Transgressive Bridging: Critical Pedagogies and Philippine Studies. Dalumat E-journal, Vol. 3 No. 2.*
15. *Niu, L., Behar-Horenstein, L. S., & Garvan, C. W. (2013, June). Do instructional interventions influence college students' critical thinking skills? A meta-critical. Educational Research Review, 9, 114–128. https://doi.org/10.1016/j.edurev.2012.12.002*
16. *Paul, R., & Elder, L. (2002). Critical thinking: Tools for taking charge of your learning and your life. Instructor's Manual. NJ: Prentice Hall.*
17. *Rabty, R. (2019). Nihilism, Self-destruction and the (Im)Possibility of Escape in Contemporary Transgressive Fictions [PhD dissertation]. Manchester Metropolitan University.*
18. *Sanchez, L. J. (2019). Ilang Eksplorasyon sa Pag-aaral ng Kulturang Popular sa Filipinas. Katipunan: Journal Ng Mga Pag-Aaral Sa Wika, Panitikan, Sining at Kulturang Filipino, Vol. 34, 359–376.*
19. *Scavette, G. (2016). Transgressive acts in an era of accountability: narratives of New Jersey's public-school teachers. Theses and Dissertations. https://rdw.rowan.edu/etd/586*
20. *Schmitt, S. A., McClelland, Tominey, S. L., & Acock, A. C. (2015). Strengthening school readiness for Head Start children: Evaluation of a self-regulation intervention. Early Childhood Research Quarterly, 30, 20–31.*
21. *Suknaisith, A. (2014, February). The results of Self-Directed Learning for Project Evaluation Skills of Undergraduate students. Procedia - Social and Behavioral Sciences, 116, 1676–1682. https://doi.org/10.1016/j.sbspro.2014.01.455*